

RESOLUSYON NG SANGGUNIANG BAYAN
MULAW MULA SA KATIIPKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG NAUJAN, SILANGANG MINDORO, NA GINANAP NOONG IKA-22 NG AGOSTO, 2014 SA SILID PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN

Dumalo:

Kgg. HENRY JOEL C. TEVES, Pangalawang Punumbayan	Pinunong Tagapangulo
Kgg. SHERYL B. MORALES, Konsehal	Kasapi
Kgg. MARA EDAMZEL L. DUDAS, Konsehal	Kasapi
Kgg. WILSON A. VIRAY, Pangulo, PCL-OMF, Konsehal	Kasapi
Kgg. CANDIDO J. MELGAR, JR., Konsehal	Kasapi
Kgg. JOJO B. DE VILLA, Konsehal	Kasapi
Kgg. EDGAR IBRAHIM C. LLAMAR, MD, FPSO-HNS, Konsehal	Kasapi
Kgg. LEO G. DE VILLA, Konsehal	Kasapi
Kgg. GREAT M. DELOS REYES, Konsehal	Kasapi

Hindi Dumalo:

Kgg. DEOGRACIAS U. DELA PAZ, IV, Pangulo, Liga ng mga Barangay	Kasapi
--	--------

RESOLUSYON BLG. 2014-219

RESOLUSYONG NAGPAPATUNAY NA ANG ILANG PARSELANG LUPAIN NA PAPALITAN ANG KLASIPIKASYON MULA SA KLASIPIKASYONG PANG-AGRIKULTURA PATUNGONG PANG-INDUSTRIYAL O PINAGHALONG PAGGAMIT (INDUSTRIAL O MIXED USES), AY HIGIT NA AANGAT ANG KAHALAGAHANG PANG-EKONOMIKO, KAUGNAY SA PAGTATAYO NG PANUKALANG NAUJAN GEOTHERMAL PROJECT SA BARANGAY MONTEMAYOR SA BAYANG ITO, SUBALIT MAY PAGSASAALANG-ALANG SA MGA UMIIRAL NA BATAS AT PATAKARAN NG PAMAHALAANG LOKAL AT NASYUNAL UKOL DITO

SAPAGKAT, sang-ayon sa Seksyon 2 ng Renewable Energy Act of 2008 o RA 9513, isang patakaran ng Estado na mapabilis ang eksplorasyon o pagsasaliksik sa mga pinagkukunan ng renewable energy tulad ng "geothermal, biomass, solar, wind, hydro and ocean energy sources" upang matamo ng bansa ang sariling kakayahan at mabawasan ang pagsandig sa fossil fuels;

SAPAGKAT, ang Emerging Power Incorporated (EPI) ay isang kumpanya na ang negasyo ay ang pagtatayo, pagpapaunlad at pagsusuplay ng kuryente sa mga konsyumer, kung saan nailipat sa kanila ang Geothermal Renewable Energy Service Contract (GRES-C) No. 2010-02-013 na dating ipinagkatab ng Department of Energy (DOE) sa Constellation Energy Corporation, upang paunlarin ang geothermal resources na matatagpuan sa Barangay Montemayor sa bayang ito;

SAPAGKAT, ang Seksyon 20 ng Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng 1991, ay nagtakda ng kapangyarihan sa Sangguniang Bayan na mag-reclassify ng mga lupang pang-agrikultura ang gamit patungo sa isang gamit na hindi pang-agrikultura sa ilalim ng ilang limitasyon at kondisyon;

SAPAGKAT, ang Barangay Montemayor ay nagsumite ng isang kahilingan sa Sangguniang Bayan na mai-reclassify ang ilang parselang lupain sakop ng nasabing barangay mula sa pang-agrikulturang paggamit patungong pang-industriya o pinaghalong paggamit (from agricultural to industrial or mixed uses), sa pamamagitan ng Resolusyon Blg. 10, Serye ng 2014 na may petsang Hulyo 30, 2014;

SAPAGKAT, dahil sa nasabing kahilingan, nagsagawa ng isang pampublikong pagdinig noong Agosto 20, 2014 na dinaluhan ng iba't ibang sektor ng pamayanan doon, kung saan ay nabatid ang pulso ng mamamayan na wala silang paglutol sa gagawing reklasipikasyon ng mga nasabing lupain sa naturang barangay;

SAPAGKAT, ang mga mamamayan ay nagpahayag din ng positibong pananaw sa abukalang pagtatayo ng Naujan Geothermal Power at naliwanagan sa kanilang agam-agam at umasa sa mga insentibong proyekto sa barangay o host communities kung saan direktang mabebenefisuhan ang mga tagaroon;

SAPAGKAT, ang Memorandum Circular No. 54 ng Malacañang na inaprubahan noong Hunyo 8, 1993 sa pamamagitan ni Pangulong Fidel V. Ramos ay naglathana ng mga gitingunin ukol sa reklasipikasyon ng mga lupain mula sa pang-agrikultura patungo sa ibang uri ng paggamit:

SAPAGKAT, nakasaad sa naturang Memorandum Circular ang mga sumusunod:

- a. "When the land ceases to be economically feasible and sound for agricultural purposes as determined by the Department of Agriculture (DA), in accordance with the standards and guidelines for the purpose of:
- b. Where the land shall have substantially greater economic value for residential, commercial, or industrial purposes as determined by the sanggunian concerned x x x x x"
- c. However, such reclassification shall be limited to a maximum of the percentage of the total agricultural land of the city or municipality x x x x x for first to third class municipalities, ten percent (10%); x x x

SAPAGKAT, ang mga parsela ng lupain sa Barangay Montemayor na hinihiling na mare-classify ay ang mga sumusunod na pagmamay-ari:

a. Nicasio Fadriquela m/f Maria Paalam	4.3213 ektarya
b. Lucio Paalam/Crisanta Porto	6.3210 ektarya
c. Maximo Romero	2.8280 ektarya
d. Dionisio Balboa	1.7000 ektarya
e. Leon Montemayor	1.5800 ektarya
f. Ireneo Villegas	1.5000 ektarya
g. Dionisio Paalam, Sr.	6.5787 ektarya
h. Ephraim G. Gozar & Lucy Tu	3.1901 ektarya
i. Ephraim G. Gozar & Lucy Tu	3.3409 ektarya
j. Francisca Romero	13.6016 ektarya
Kabuuan	44.9616 ektarya

SAPAGKAT, ang kabuuang lawak ng naturang mga parsela ng lupain ay hindi hihigit sa sampung porsyento (10%) ng kabuuang lupang pang-agrikultura ng bayan ng Naujan, na tinatayang may lawak na humigit kumulang 28,000 ektarya, sang-ayon sa datos ng Municipal Agriculture Office (MAO), na malayo sa hanggananang 10% na itinakda ng batas;

SAPAGKAT, ipinalalagay ng Sangguniang Bayan na ang mga lupaing ibinaybay sa itaas ay higit na magiging produktibo, kapaki-pakinabang at aangat ang kahatagahang pang-ekonomiko, kung ang mga ito ay maililipat o mare-classify sa klasipikasyong pang-industriyal o pinaghalong paggamit, (industrial o mixed uses);

SAPAGKAT, sinasaalang-alang ng Sangguniang Bayan ang pag-unlad ng bayan ng Naujan sa teknolohiya ng produksyon ng kuryente sa paraang geothermal, sapagka't ito ay tugma sa layunin ng pamahalaan ng Pilipinas, batay sa Batas Republika Blg. 9513 o Renewable Energy Act of 2008;

SAPAGKAT, naniniwala ang Sangguniang Bayan na ang pag-apruba para sa reclassification ng lupain ay naayon at walang anumang paglabag sa umiiral na batas at palakaran tulad ng nakatahad sa itaas, gayundin sa itinakdang tungkulin ng Sangguniang Bayan;

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

Naujan 5204 Oriental Mindoro, Philippines

Resolusyon Big. 2014-219

Agosto 22, 2014

-3-

SAPAGKAT, inasahan ng Sangguniang Bayan na ang kumpanyang Emerging Power Incorporated (EPI) ay may kakayahang tupdin ang lahat ng hinihingi ng batas at ahensya ng pamahalaan, nang may pagsasaalang-alang sa proteksyon ng kapaligiran at likas na yaman, at laung-lalo na sa kapakanan ng mamamayang Naujeno:

DAHILAN DITO AY IPINASYA, tulad ng ginawang pagpapasya, na magpatunay na ang ilang parcelang lupain na papalitan ang klasipikasyon mula sa klasipikasyong pang-agrikultura patungong pang-industriyal o pinaghalong paggamit, (industrial o mixed uses), ay higit na pangat ang kahalagahang pang-ekonomiko, kaugnay sa paglataya ng panukalang Naujan Geothermal Project sa Barangay Montemayor, subalit may pagsasaalang-alang sa mga umiiral na batas at patakaran ng pamahalaang lokal at nasyunal ukol dito.

IPINASYA PA RIN, na padalhan ng sipi ng Resolusyong ito ang Punumbayan, Atty. Mark N. Marcos, para sa kanyang kabatiran at kaukulang aksyon.

IPINASYA PA RIN, na padalhan ng sipi ng Resolusyong ito si OIC-MPDC/MGDHI Raquelita M. Umali, si OIC-Municipal Assessor/AMGDHI Cromwell H. Gozar, para sa kanilang kabatiran at kaukulang aksyon.


IPINASYA PA RIN, na padalhan ng sipi ng Resolusyong ito ang Emerging Power Incorporated (EPI) sa pamamagitan ni Executive Vice President Alberto C. Guanzon sa kanyang tanggapan, sa Suite 1603-B West Tower, Philippine Stock Exchange Center, Exchange Road, Ortigas Center, Lungsod ng Pasig, para sa kanyang kabatiran.

PINAGTIBAY NANG WALANG PAGTUTOL, ngayong ika-22 ng Agosto 2014, sa mungkahin ni Konsehal Wilson A. Viray, na pinangatawahan ng lahat ng konsehal na dumalo.

PINATUNAYANG WASTO AT TOTOO:


MARILYN O. MORTEL
Pansamantalang Kalihim

PINATUTUNAYAN:


HENRY JOEL C. TEVES
Pangalawang Punumbayan
Pinunong Tagapangulo